

LITANIA NI SAN LUIS NG MONTFORT

Panginoon, maawa ka
Kristo Maawa ka
Panginoon, maawa ka

Amang nasa langit, Panginoong Diyos, **Maawa ka sa amin**
Diyos Anak tagapagligtas ng santinakpan,
Banal na Espiritu, Panginoong Diyos
Santisima Trinidad, iisang Diyos,

Santa Maria, **Ipanalangin mo kami**
San Luis Maria ng Montfort
Matapat na tagasunod ni Hesuskristo, Karunungan nagkatawang –tao
Pusong masunurin sa Espiritu Santo
Tagapangaral ng krus at ng rosaryo,
Alipin ng pagmamahal ni Hesus kay Maria,
Dalubhasa ng wagas na pamimintuho sa Mahal na Birhen,
Taong tahimik at mapagnilay,
Halimbawa ng pagtalima at mabuting gawa,
Anak na matapat sa Simbahan,
Huwaran ng mga pari at misionero,
Tagapagtatag ng mga kongregasyong relihiyoso at relihiyosa,
Tagahubog ng mga laiko para sa paglilingkod sa Simbahan,
Kaibigan ng mga mahihirap at maysakit,
Guro ng mga Kabataan,

Hilingin para sa amin ang espiritu ng pananalig, **San Luis Maria ng Montfort**
Hilingin para sa amin ang espiritu ng panalangin,
Hilingin para sa amin ang iyong wagas na pamimintuho kay Maria,
Hilingin para sa amin ang iyong pagmamahal sa Simbahan,
Hilingin para sa amin ang iyong tibay ng loob sa aming mga pagsubok,
Hilingin para sa amin ang iyong sigasig sa misyon,

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan, **Patawarin mo kami Panginoon**
Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan, **Pakinggan mo kami Panginoon**
Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan, **Maawa ka sa amin.**

San Luis Maria ng Montfort, **Ipamagitan mo kami**

Manalangin tayo :

Panginoon, pinag-alab mo ang puso ni San Luis-Maria ng Montfort na may marubdob na pagnanais na maipahayag sa mga tao ang Magandang Balita ng iyong Anak; ipagkaloob mo sa amin sa pamamagitan ng kanyang panalangin at sa pamumuhay ni Maria, na kami'y makasunod sa iyong Espiritu, maging masigasig na tagasunod ng iyong kaharian, at maging matapat sa paglilingkod sa mga dukhang nangangailangan. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni hesukristo, aming Panginoon. Amen.